

Pag-unawa sa Pagsang-ayon

ANO ANG PAGSANG-AYON

Ang pagsang-ayon ay tinukoy bilang isang **kusang-loob** na pagkakasundo na makisali sa sekswal na aktibidad na pinag-uusapan. Ang pagsang-ayon ay dapat maging **masigasig, kusang-loob at nagpapatuloy**. Ang pagsang-ayon o isang "oo" na nakuha sa pamamagitan ng panggigipit, pamimilit, lakas, o mga pagbabanta ng pamumuwersa ay hindi kusang-loob. Ang pagsang-ayon ay humihingi ng pahintulot. Ang isang taong lasing, walang malay o natutulog ay hindi maaaring magbigay ng pahintulot.

PAANO HUMINGI NG PAGSANG-AYON:	IBA-IBANG MGA PARAAN NG PAGSASABI NG "HINDI":
<ul style="list-style-type: none"> • Pwede ba kitang halikan? • Magiging okay ba kung hinawakan ko ang iyong kamay? • Nais kong siyasatin ang isang sekswal na relasyon sa iyo. Interesado ka ba dito? Okay lang kung hindi ka interesado. • Komportable ka ba sa pagsubok ng _____ sa akin? Walang pilitan. • Napansin ko na tahimik ka. Interesado ka pa ba dito? 	<ul style="list-style-type: none"> • Hindi ako interesado na makipagtalik. • Hindi ako kompartable dito. Mangyaring itigil ang paghahawak sa akin. • Hindi ko na nais itong gawin pa. • Salamat sa pag-anyaya sa akin/sa pagsabay sa paglalakad sa akin sa bahay. Gusto ko lang maging malinaw na hindi ako interesado sa seks ngayon. • Alam kong hindi pa natin ito pinag-uusapan, nguni't nais kong pag-usapan ang tungkol sa mga inaasahan sa paligid ng seks at/o sekswal na relasyon. • Nais ko lamang na ipaalam sa iyo na ayokong hinahawakan ako
MGA MENSAHE NG "OO" NA DAPAT PAKINGGAN:	MGA MENSAHE NG "HINDI" NA DAPAT PAKINGGAN:
<ul style="list-style-type: none"> • Oo • Nararamdaman ko rin ang nararamdaman mo. • Nais ko na ikaw ay... • Maganda ang pakiramdam ko tungkol dito. • Handa akong... • Huwag tumigil 	<ul style="list-style-type: none"> • Tigil • Hindi • Hindi ko alam ang tungkol sa ... • Hindi ako sigurado tungkol sa ... • Sa palagay ko hindi ako handa para sa ... • Natatakot ako • Maari ba natin itong pabagalin? • Sa palagay ko naka-inom ako ng sobra • Nag-aalala ako tungkol sa mga STI at/o HIV

KABILANG SA MGA HINDI PASALITANG MENSAHE NA DAPAT PAKINGGAN:

- kung inurong ng ibang tao ang kanilang katawan mula sa iyo
- kung ang tao ay parang "nanigas" o hindi ginagalaw ang kanilang katawan
- tahimik